

Ano ang College Bound Scholarship?

Ang College Bound ay maagang pangako ng tulong pinansiyal ng estado sa mga nararapat na estudyanteng nagpatala sa middle school at tutupad sa panunumpa sa College Bound.

Isinasama ang **College Bound** sa mga ibang tulong pinansiyal ng estado para sakupin ang karaniwang matrikula (sa mga rate ng pampublikong kolehiyo), kaunting bayarin, at maliit na allowance para sa libro. Maaari kang makakamit ng aprubadong sertipiko o degree sa mahigit 60 eligible na paaralan sa Washington. Kasama dito ang pampubliko at pribadong dalawa- at apat-na-taong kolehiyo, mga teknikal na kolehiyo, at mga pribadong pang-karerang paaralan. May makikitang listahan ng mga kalahok na paaralan sa www.collegebound.wa.gov.

Nararapat ba ako?

Mag-apply kung nasa ika-7 o ika-8 baitang ka at natutugunan ang isa sa mga sumusunod na requirement:

- ▶ Natutugunan ng pamilya mo ang mga requirement sa kita sa chart sa ibaba.
- ▶ Ikaw ay nasa foster care o umaasa sa estado.
- ▶ Nakatanggap ang pamilya mo ng mga benepisyong basic na pagkain o TANF.

2018-19 Chart ng Kita

Laki ng Sambahayan	Mga Gabay sa Taunang Kita*	Buwanang Kita	Lingguhang Kita
2	\$30,451	\$2,538	\$586
3	\$38,443	\$3204	\$740
4	\$46,435	\$3,870	\$893
5	\$54,427	\$4,536	\$1,047
6	\$62,419	\$5,202	\$1,201
Bawat karagdagang miyembro ng sambahayan	Magdagdag ng \$7,992	Magdagdag ng \$666	Magdagdag ng \$154

*Ang kita ng sambahayan ay dapat mas mababa sa o katumbas ng halagang ito.

Ang College Bound Scholarship ay programang pinondohan ng estado na pinangangasiwaan ng Washington Student Achievement Council. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa at ibang opsyon sa tulong pinansiyal sa Washington, pumunta sa www.readysetgrad.org, o mag-email sa amin sa collegebound@wsac.wa.gov, o tawagan kami sa 888-535-0747, opsyon 1.

Paano ako mag-a-apply?

Maaari kang mag-apply online sa www.collegebound.wa.gov. Magtanong sa tagapagpayo sa paaralan niyo; maaaring nagsimula na sila ng aplikasyon para sa iyo sa paaralan.

Mayroon bang deadline?

Mayroon! Dapat kang mag-apply bago ang Hunyo 30 sa katapusan ng iyong ika-8 baitang na taon.

Ano ang pangako?

Nangangako ang mga estudyante ng College Bound na:

- ▶ Mag-graduate mula sa high school o home school sa Estado ng Washington na may cumulative 2.0 GPA o mas mataas.
- ▶ Mag-apply sa kolehiyo.
- ▶ Isumite ang FAFSA (Free Application for Federal Student Aid) o WASFA (Washington Application for State Financial Aid) sa lalong madaling panahon makalipas ang Oktubre 1 sa inyong senior na taon sa high school.
- ▶ Walang paghatol sa paglabag sa batas.

Paano ko malalaman kung tagumpay ang pag-apply ko?

Kapag nasimulan ang aplikasyon sa College Bound, makatanggap ka ng Missing Information Letter (MIL) na mag-aatas ng lagda ng magulang at estudyante, maaaring kailanganin mong tingnan kung anong requirement sa pagiging eligible ang natutugunan mo. Kapag kumpleto na ang aplikasyon, makakakuha ka ng College Bound na sertipiko sa mail.

Ano ang susunod na mangyayari?

Kapag nakumpleto mo ang iyong College Bound na aplikasyon at natanggap ang sertipiko mo, patuloy kang paaalalahanan ng kawani ng programa ng mahalagang impormasyon at mga update.

Paano ko matatanggap ang scholarship?

- ▶ Tuparin ang mga requirement sa pangako ng scholarship at tugunan ang mga requirement sa paninirahan sa estado.
- ▶ Isumite ang FAFSA o WASFA sa iyong senior na taon at bawat taon sa kolehiyo para madetermina ang pagiging nararapat ng kita.
- ▶ Matanggap sa at dumalo sa nararapat na kolehiyo.
- ▶ Nasa mabuting katayuan sa kolehiyo mo.

